


5

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

Industrial Arts – Modyul 6: Paggawa ng Simple Circuit



**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Industrial Arts – Modyul 6: Paggawa ng Simple Circuit
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Warren L. Lugapo

Editor: Gary B. Mosquito

Tagasuri: Elizabeth V. Ballais

Tagalapat:

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Lani H. Cervantes
Alejandro S. Almendras
Maria Pia B. Chu
Allan O. Celedonio
Imelda A. Amodia

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – SDO - Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 323 3156

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

**Edukasyong
Pantahanan at
Pangkabuhayan
Industrial Arts - Modyul 6:
Paggawa ng Simple Circuit**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5-Industrial Arts** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Paggawa ng Simple Circuit**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Paggawa ng Simple Circuit**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Sa Modyul na ito, malalaman ng mga mag-aaral ang mga hakbang sa paggawa ng simple circuit na nakadesinyo mula sa mga materyales na makikita sa bahay o pamayanan na maaaring magamit sa ating mga tahanan at pagkakataon na makatulong sa oras ng kagipitan at kalamidad.

Pagkatapos ng aralin, ang mag-aaral ay inaasahang:

Layunin:

- Nakagagawa ng proyektong Simple Circuit na ginagamitan ng elektrisidad. EPP5IA-0c-3



Subukin

Gawain 1

Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno.

1. Ito ay ginagamit pamukpok ng metal at pambaon sa paet at pako.
a. maso b. martilyo c. katam d. kikir
2. Ito ay isang uri ng aparato na lumilikha ng liwanag sa pamamagitan ng paggamit ng kuryenye.
a. bulb socket b. connectors c. bulb d. fuse
3. Ginagamit ito para luwagan o higpitan ang turnilyo na ang dulo ay manipis na pahalang.
a. standard/flat screwdriver c. stubby screwdriver
b. phillips screwdriver d. bench vise
4. Ito ay ginagamit na pamutol ng maliit o malaking wire.
a. pipe cutter b. hacksaw c. gimlet d. side cutting plier
5. Ginagamit ito upang maiwasan ang makoryente. Binabalutan ang mga wires na nabalatan pati ang mga dugtungan ng wires.
a. duct tape c. packing tape
b. electrical tape d. connectors

Aralin 1 Paggawa ng Simple Circuit

Mahalagang malaman ng bawat isa ang mga hakbang ng proyekto lalong-lalo na sa paggawa ng simple circuit upang maging ligtas, madali at matagumpay itong maisasagawa. Ang kaalaman sa mga hakbang ang unang dapat isaalang-alang sa anumang gawaing sisimulan. Ito ay nakatutulong para masunod ng wasto at higit sa lahat walang sakunang mangyari habang ginagawa ang napiling proyekto. Kailangan din na ang mga kagamitan at materyales na gagamitin ay madaling makikita sa ating bahay at komunidad.



Balikan

Panuto: Tukuyin ang bawat kagamitan kung ito ay *Kagamitang Panghigpit, Kagamitang Pang hawak, Kagamitang Pamutol, Kagamitang Pambutas.* Isulat ang iyong sagot sa kwaderno.

- | | | |
|------------------------------|---|-------|
| 1. combination pliers | - | _____ |
| 2. standard/flat screwdriver | - | _____ |
| 3. hacksaw | - | _____ |
| 4. gimlet | - | _____ |
| 5. stubby screwdriver | - | _____ |
| 6. hand drill | - | _____ |
| 7. pipe cutter | - | _____ |
| 8. bench vise | - | _____ |
| 9. phillip screwdriver | - | _____ |
| 10. rip saw | - | _____ |



Tuklasin

Panuto: Basahin nang mabuti ang kwento at sagutin ang sumusunod na mga katanungan. Gawin ito sa iyong kwaderno.

Ang Natatanging Kaalaman

Ang Muy Hermosa ay isang pulong barangay na sakop ng bayan ng San Roque. Ang barangay na ito ay hindi pa naabot ng elektrisidad. Ang tanging pinagkukunan lang nila ng pailaw ay ang pakikikabit sa generator nap ag – aari ng kapitan ng barangay. Isang hapon, biglang hindi umandar ang generator dahil may isang piyesa na nakalas dito. Hindi na makakapunta pa si kapitan sa ibayo sapagkat dumidilim na at baka pagdating niya sa bayan ay sarado na ang mga tindahan doon ng piyesang kinakailangan niya. Isa sa anak ni kapitan, si Lyndon, ang nakaisip na gumawa ng isang simple circuit connection dahil nagtraining naman siya sa TESDA na may kinalaman sa elektrisidad. Sinubukan niyang gumaga nito. Dahil sadyang mapamaraan siya, nagawa niyang magkaroon ng ilaw ang kanilang tahanan. Laking tuwa ng kanyang mga nakababatang kapatid dahil hindi sila mangangapa sa dilim ng gabing iyon.

1. Ano ang suliranin ni Kapitan?
2. Paano ito nasolusyunan?



Suriin

Ang kaalaman sa mga hakbang ng paggawa ng isang proyekto ay isang mahalagang paghahanda o katangian na dapat malaman ng bawat isa sa anumang gagawing proyekto. Nagsisilbi itong gabay upang matapos ng maayos ang proyekto. Nakatutulong din ito upang masunod ng tama at higit sa lahat walang kapahamakang magaganap habang ginagawa ang napiling proyekto.

Mga dapat isaalang-alang bago gawin ang proyekto – *Simple Circuit*

1. Bago mamili ng mga kagamitang gagamitin sa paggawa ng *simple circuit* ay dapat alamin muna ang kalidad ng materyales upang makaiwas sa disgrasya. Dapat sa pagpili ng mga materyales alalahanin ang mga ito;
 - Hindi basta – basta sasabog ang bumbilya kapag ginamit.
 - Hindi mabilis maubos ang enerhiya ng baterya at hindi madaling maputol ang wire.
2. Iwasan din ang mga *wire* na maaring tumalsik habang pinuputol ang mga ito. Maari kasi itong mapunta sa iyong mga mata.
3. Kung ang *wire* ay may nakitang sugat o nakalabas ang *copper* lagyan ito ng *electrical tape*. Ngunit wag hahawakan ang nakalabas na metal dahil sa metal na ito dumadaloy ang kuryente.
4. Kung may hindi alam sa mga nangyayari. Humingi ng tulong sa nakakaalam upang iwas disgrasya.
5. Kapag ang *circuit* ay gumagana huwag hawakan ang source. Kung ang source ay baterya, umiinit ito at maari kang mapaso. Kung ang source mo naman ay kuryenteng nagmumula sa *socket*, maari kang makuryente dahil sa taas ng boltahe nito.

Mga Kagamitan sa Paggawa ng Simple Circuit

- | | | |
|------------------------|----------------------|----------------------|
| 1. bulb/ bombilya | 4. light bulb socket | 7. switch |
| 2. phillip screwdriver | 5. flat cord | 8. card board/ tabla |
| 3. side cutting pliers | 6. battery | |


Mga Hakbang sa Paggawa ng Simple Circuit

1. Ihanda ang mga kagamitan na gagamitin. Balatan ang kaunting magkabilang dulo na goma ng *flat cord conductor* gamit ang *side cutting plier* nang sa gayon ay makita ang *cooper wire*. I-twist ang apat na dulo ng mga *copper wires*.
2. Ikabit ang dalawang wires sa magkabilang dulo ng battery.
3. Ikabit ang isang wire na nanggaing sa battery sa kabilang dulo ng *light bulb socket* at kumuha ng isang pang wire para ikabit sa kabilang dulo nito.
4. Ikabit ang wire na nanggaling sa *light bulb socket* at ikabit sa kabilang dulo ng *switch*. Pag naikabit na ang wire na nanggaling sa *light bulb socket*, ang

kabilang dulo ng wire na nanggaling sa battery ay ikabit sa kabilang dulo ng *switch*.

5. Ilagay sa ON ang *switch* para gumana ang *light bulb*.


Narito ang mga pagkakasunod – sunod na larawan na paggawa ng “Simple Circuit”




Unang Hakbang



Ikalawang Hakbang



Ikatlong Hakbang




Ikaanim na Hakbang




Ikalimang Hakbang




Ikaapat na Hakbang



Ikapitong Hakbang



Ikawalong Hakbang



Pagyamanin

Gawain 1: Basahin at sagutin ang mga sumusunod na pagsasanay sa ibaba.

Kaalaman at Kasanayan sa Gawaing Pang – Elektrisidad – Simple Circuit.

Ang elektrisidad ay isa sa mga mahahalagang yaman na kailangang pangalagaan nating lahat. Sa pamamagitan nito, ang mga pangunahing kagamitan sa ating tahanan gaya ng telebisyon, refrigerator at iba pa ay ating nagagamit. Ang kaalaman sa paggawa ng simple circuit ay napakahalaga sapagkat ito ay pwedeng magamit sa oras ng kalamidad. Magkakaroon na ng liwanag ang isang tahanan sa pamamagitan nito. Upang maging ligtas at maayos ang bawat gawaing may kinalaman sa elektrisidad, nararapat na alamin ang mga hakbang at isaalang-alang ang paggamit ng personal na kagamitang pangkaligtasan.

Pagtatasa 1

Panuto: Isulat ang **TAMA** kung ang isinasaad ng pangungusap ay tama at **MALI** kung ito ay mali. Gawin ito sa iyong kwaderno.

- _____ 1. Ihanda ang mga kagamitan na gagamitin. Balatan ang kaunting magkabilang dulo na goma ng *flat cord conductor* gamit ang *hack saw* nang sa gayon ay makita ang *cooper wire*. I-*twist* ang apat na dulo ng mga *copper wires*.
- _____ 2. Ikabit ang dalawang wires sa magkabilang dulo ng battery.
- _____ 3. Ikabit ang isang *wire* na nanggaling sa battery sa kabilang dulo ng *light bulb socket* at kumuha ng isang pang *wire* para ikabit sa kabilang dulo nito.
- _____ 4. Ikabit ang *wire* na nanggaling sa *light bulb socket* at ikabit sa kabilang dulo ng *switch*. Pag naikabit na ang *wire* na nanggaling sa *light bulb socket*, ang kabilang dulo ng *wire* na nanggaling sa battery ay ikabit sa kabilang dulo ng *switch*.
- _____ 5. Ilagay sa OFF ang *switch* para gumana ang *light bulb*.

Pagtatasa 2

Panuto: Pagtambalin ang mga kagamitan sa paggawa ng *simple circuit* sa hanay A sa angkop na sagot sa hanay B. Isulat ang tamang sagot sa iyong kwaderno.

HANAY A

1. *side cutting plier*
2. *bumbilya/ bulb*
3. *flat cord*
4. *battery*
5. *tabla/ card board*

HANAY B

- b. ito matigas at patag na kuwadro na paggagawaan ng *circuit*.
- c. dito ipinadadaan ang kuryente papunta sa mga kagamitan.
- d. ginagamit na pangkawak o pamputol ng *wires*, kable o maliit na pako.
- e. isang uri ng aparato na lumilikha ng liwanag sa pamamagitan ng paggamit ng kuryenye.
- f. nagsisilbi itong *source* ng isang *circuit*.
- g. inilalagay sa dulo ng mga conduit para maikabit nang maayos sa *junction box* at *utility box*.



Isaisip

Panuto: Punan ang patlang ng tamang salita upang mabuo ang kaisipan sa aralin na ito. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang tamang sagot sa iyong kwaderno.

sakuna 5	kasanayan 4	
resistor 2	kaligtasan 3	kuryente 1

Ang *simple circuit* ay isang daan na dinadaloyan ng _____. Ito ay binubuo ng tatlong bahagi para gumana ito. Ang mga ito ay *source of voltage*, *conductive path* at _____. Kinakailangang isaalang-alang ang maingat at tamang hakbang upang ang _____ sa paggawa ay maisakatuparan. Ang pagkakaroon ng kaalaman at _____ nito ay napakahalaga kung kaya ay dapat natin itong seryosohin at wag isapagwalang bahala. May mahalagang papel ang kaalaman nito lalong – lalo na sa oras ng _____.




Isagawa


Panuto: Pagsunod–sunurin ang sumusunod na mga larawan batay sa mga hakbang sa pagbuo ng extension cord. Lagyan ng bilang ang bawat patlang ng larawan batay sa kung ano ang una hanggang huli. (1-11). Gawin ito sa iyong kwaderno.



1. _____




2. _____



3. _____




4. _____



5. _____



6. _____



7. _____



8. _____



Tayahin

A.

Panuto: Sa gawaing ito, humingi ng tulong sa mga magulang/ *electrician* o kahit na sinong nakatatanda sa paggawa ng *simple circuit* gamit ang mga kagamitan na kailangan at isaalang – alang ang tamang pagkakasunod-sunod gamit ang mga wastong hakbang sa paggawa nito.

Babala: HUWAG GAWING MAG-ISA ANG PAGGAWA NG SIMPLE CIRCUIT AT IWASANG PAGLARUAN ANG BAGAY NA ITO.

Rubric para sa Gagawing Proyekto – Simple Circuit

PAMANTAYAN	Puntos
A. Pagsunod sa Wastong Hakbang	
1. Dala lahat ang mga kagamitan at kasangkapan sa paggawa	10
2. Ang mga kagamitan at kasangkapan ay inayos sa ibabaw ng mesa bago gumawa	10
3. Wastong pagsunod sa hakbang sa paggawa ng proyekto	20
4. Naisagawa sa takdang oras	10
B. Paggamit ng Kasangkapan	
1. Gumamit ng wasto at angkop na kasangkapan sa paggawa	10
2. Sinuri ang kaayusan ng kasangkapan	5
3. Ginamit sa angkop ng Gawain	5
4. Ibinalik sa panagkunan matapos ang gawain ng maayos	5
C. Pagkaligtasang Gawi	
1. Masigla at tuloy-tuloy sa paggawa	5
2. Ipinapakitang may sistema sa paggawa	10
3. Ipinapakita ang pag- iingat habang gumagawa	5
4. Nilinis ang hapag gawaan matapos ang gawain at isinauli ang kagamitan at kasangkapan sa pinagkunan	5
Total	100%

Petsa ng Pagsisimula ng Paggawa: _____

Petsa ng Pagkatapos sa Paggawa: _____

Inihanda ni:

Binigyan Pansin ni:

Baitang 5







Guro

Pagpapakahulugan:

50 - 59	-	Kailangan pang Paghusayan
60 - 69	-	Hindi Gaanong Mahusay
70 - 79	-	Mahusay husay
80 - 89	-	Mahusay
90 - 100	-	Napakahusay

B.

Panuto: Pagtambalin ang mga kagamitan sa hanay A sa angkop na sagot sa hanay B. Isulat ang tamang sagot sa iyong kwaderno.

Hanay A	Hanay B
1. tabla/card board	a 
2. side cutting plier	b 
3. flat cord	c 
4. bumbilya/bulb	d 
5. battery	e 
	f 



Karagdagang Gawain

Magsaliksik sa pamamagitan ng pagtatanong o sa tulong ng internet tungkol sa tamang hakbang sa pagbuo/paggawa ng series circuit. Isulat sa kwaderno ang iyong mga kasagutan.



Susi sa Pagwawasto

Subkin:
 1. b
 2. c
 3. a
 4. d
 5. b


Balikan:
 1. Kagamitang Pang hawak
 2. Kagamitang Panghiigit
 3. Kagamitang Pamutol
 4. Kagamitang Pambutas
 5. Kagamitang Panghiigit
 6. Kagamitang Pambutas
 7. Kagamitang Pamutol
 8. Kagamitang Pang hawak
 9. Kagamitang Panghiigit
 10. Kagamitang Pamutol

Pagymanin:
 1. M
 2. T
 3. T
 4. T
 5. M
 Pagtasa 1

Pagymanin:
 1. c
 2. d
 3. b
 4. e
 5. a
 Pagtasa 2

Isaisip:
 1. kuryente
 2. resistor
 3. kaligtasan
 4. kasanayan
 5. sakuna

Tayahin: B
 1. c
 2. b
 3. a
 4. f
 5. d



PAMANTAYAN		Puntos
A. Pagsunod sa Wastong Habang		
1. Dala lahat ang mga kagamitan at kasangkapan sa paggawa	10	
2. Ang mga kagamitan at kasangkapan ay inayos sa ibabaw ng mesa bago gumawa	10	
3. Wastong pagsunod sa habang sa paggawa ng proyekto	20	
4. Naisagawa sa takdang oras	10	
B. Paggamit ng Kasangkapan		
1. Gumamit ng wasto at angkop na kasangkapan sa paggawa	10	
2. Sinuri ang kaayusan ng kasangkapan	5	
3. Ginamit sa angkop ng gawain	5	
4. Ibinalik sa panagkunan matapos ang gawain ng maayos	5	
C. Pagkailigtasang Gawi		
1. Masipla at tuloy-tuloy sa paggawa	5	
2. Ipinakitang may sistema sa paggawa	10	
3. Ipinakitang ang pag-ingat habang gumagawa	5	
4. Niinis ang hapag gawaan matapos ang gawain at isinaili ang kagamitan at kasangkapan sa pinagkunan	5	
Total	100%	

Pagpapakahulugan:

50 - 59	-	Kailangan pang Paghusayan
60 - 69	-	Hindi Gaanong Mahusay
70 - 79	-	Mahusay husay
80 - 89	-	Mahusay
90 - 100	-	Napakamahusay

Tayahin: A

Rubric para sa **Ginawang** Proyekto – Simple Circuit

Sanggunian

Curriculum Guide, Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5, EPP5IA-0c34

Teacher's Guide, Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5, EPP5IA page 42-45

Peralta, Gloria A. et al *Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran 5*, pp. 198-203

<https://www.google.com/search?q=flat%20cord&tbm=isch&ved>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph